



OFFICE OF ARTS & CULTURE
CITY OF SEATTLE

Hope Corps 2025: Mga Patnubay sa Mga Dapat Panimulan sa Downtown Seattle

Pangkalahatang Impormasyon sa Gawad

Inaanyayahan ng Tanggapan ng Sining at Kultura ng Seattle (ARTS) ang mga indibidwal na mga alagad ng sining, mga tagapaglikha ng sining na kultural, mga administrador ng sining, mga manggagawang malikhain, mga grupo ng komunidad, at mga organisasyon ng sining at kultura na mag-apply sa Hope Corps. Maaari kayong mag-aplay sa pamamagitan ng pagmumungkahi ng mga proyektong nagbibigay ng mga oportunidad sa karera para sa lokal na puwersa ng likhang-sining, at nag-aambag sa kagalingan ng komunidad sa downtown ng Seattle sa pamamagitan ng mga proyektong palakad ng komunidad, mga kaganapan, pagtatanghal, at iba pa.

Naghahanap ang Hope Corps na makipag-ugnayan sa mga alagad ng sining na walang trabaho o may trabaho ngunit hindi gaanong aktibo sa kanilang propesyon at sa mga malikhaing manggagawa na may oportunidad sa karera na makikinabang ang publiko. Ang 2025 programang Hope Corps ay parte ng [Downtown Activation Plan ni Mayor Bruce Harrell](#), at ang pagpopondo ay mapupunta sa mga proyektong gumagamit ng mga malikhaing manggagawa sa pamamagitan ng mga pag aaktibo sa mga kapitbahayan ng downtown Seattle:

- 1) Belltown
- 2) Chinatown-Internasyunal na Distrito
- 3) Kalagitnaan ng Downtown
- 4) Denny Triangle
- 5) Pioneer Square
- 6) Stadium District

Ang mga iminungkahing proyekto ay dapat mga natatanging kaganapan o mga aktibasyon, na magaganap sa 2025 na nasa kalye, naa-aakseso, nasa labas o kung hindi man ay nakikita ng publiko sa mga espasyo na nagbibigay ng mga nakakaakit na karanasan para sa publiko at nagdadala ng madlang manonood sa downtown.

Ang mga gawad ay mula **\$5,000 hanggang \$50,000** upang suportahan ang sahod ng mga malikhaing manggagawa at mga gastusin sa proyekto.

Para sa impormasyon at tulong ukol sa aplikasyon, kwalipikasyon, o online na suportang teknikal, mangyaring makipag-ugnayan kay Alex Rose, Program Manager ng Hope Corps, sa numerong 206-459-6517 o [sa alex.rose@seattle.gov](mailto:sa.alex.rose@seattle.gov).

Mayroon kaming mga tagapagsalin na maaaring makipag-usap sa inyo sa inyong wika, kabilang ang American Sign Language (sa pamamagitan ng video). Tawagan lang kami at sabihin sa amin kung anong wika ang inyong ginagamit. Asahan ang saglit na paghinto habang naghahanap kami ng isang tagapagsalin na sasali sa tawag.

Aplikasyon

Mag aplay online sa pamamagitan ng Maaaring Isumite:

<https://seattlearts.submittable.com/submit>.

Kung wala kayong computer o akses sa internet, o nais ninyong talakayin ang mga alternatibong paraan ng pag aaplay, makipag ugnay kay Alex Rose, Hope Corps Program Manager, sa lalong madaling panahon: alex.rose@seattle.gov.

Takdang Petsa

Martes, Setyembre 3, 2024, 5:00 ng hapon Pasipiko

Mangyaring magbigay ng sapat na oras upang makumpleto ang inyong aplikasyon. Ang mga aplikasyon na isinumite pagkatapos ng oras ng pagsasara ng 5 ng hapon (Pasipiko) ay hindi tatanggapin.

Pagiging karapat-dapat

Kayo ay karapat dapat na mag aplay para sa pagpopondo ng Hope Corps kung **kayo at ang inyong iminungkahing proyekto ay nakakatugon sa mga sumusunod na pamantayan:**

- Isa kang indibidwal na alagad ng sining, organisasyon, o grupong nakabatay sa komunidad na matatagpuan sa, o regular na nagtatanghal sa, Seattle.
 - Ang mga organisasyon at mga indibidwal na artistang kumakatawan sa mga komunidad na pinakaapektado ng sistematikong pang-aapi kabilang ang mababang kita, mga taong may kapansanan, mga komunidad ng imigrante at refugee, at mga komunidad ng may kulay ay hinihikayat na mag-aplay.
- Ang inyong proyekto ay dapat mangyari sa pagitan ng Enero 2025 at Disyembre 2025.
- Ang inyong proyekto at ang kaugnay na pampublikong benepisyo nito ay dapat maganap sa Downtown Seattle sa loob ng [natukoy na hangganan ng Downtown Activation Plan](#):
 - Belltown
 - Chinatown-Internasyunal na Distrito
 - Kalagitnaan ng Downtown
 - Denny Triangle
 - Pioneer Square

- Stadium District
- Kailangang tugunan ng inyong proyekto ang isa o higit pa sa tatlong pokus ng programang ito.
- Ang inyong proyekto ay dapat itaguyod at gawing naa-akseso sa pangkalahatang publiko – mga residente, manggagawa, at bisita ng Seattle – para dumalo. Kabilang dito ang isang libreng pagpipilian sa pagdalo at pag-aakseso para sa mga taong pangunahing nagsasalita ng mga wika maliban sa Ingles at mga taong may kapansanan. Kung nais ninyo ng tulong upang gawing mas madaling ma akses ang inyong kaganapan, mangyaring makipag ugnayan sa alex.rose@seattle.gov.
- Ang inyong proyekto ay dapat magbayad sa bawat malikhaing manggagawa* ng isang sweldong nakakabuhay, sa pamamagitan man ng sahod, stipend, o mga pagbabayad sa kontrata. Tinuturing namin ang isang sweldong nakakabuhay bilang \$ 32 bawat oras o higit pa (maaaring mag iba ito para sa mga kabataan at mga mag aaral).
- Ang inyong proyekto ay maaaring magkaroon ng isang birtual na bahagi, pero nangungunahang dapat ito'y isang harap-harapan na karanasan.
- Kung ang inyong proyekto ay pansamantalang nakatayo na nilikhang sining, kailangang napapanood ito ng hindi bababa sa 3 buwan.

***Mga Malikhaing manggagawa** ay kinabibilangan ng mga alagad ng sining, mga malikhain, pangkulturang manggagawa, at lahat ng nasa pagitan.

Pagpopondo

Ang mga halaga ng pondo ay umaabot mula **\$5,000 hanggang \$50,000**.

Pwede ninyong gamitin ang pondong inyong pinagkaloob para sa bayad ng mga alagad ng sining, pang-memerkado at pang-promosyon, pamamahala ng proyekto at gastos sa tauhan, kagamitan, renta ng kagamitan, o iba pang kaugnay sa produksyon na gastos, ang kinakailangang seguro, at hindi hihigit sa 10% para sa gastos sa pagkain. Maaaring payagan ang mga karagdagang gastos kapag may paunang pag-apruba ng tagapamahala ng paggawad ng proyekto.

Mga Workshop na Pang-impormasyon

Alamin pa ang tungkol sa gawad na ito at kung papano isumite and inyong pinaka-maayos na aplikasyon.

Workshop 1 (Birtual)

Martes, Hulyo 30, 2024, 10:00 - 11:00 ng umaga.

[RSVP link](#)

Work shop 2 (Harap sa-harapan sa Pioneer Square)

Lunes, Agosto 5, 2024, 6:00 - 7:30 ng hapon.

[RSVP link](#)

Workshop 3 (Birtual)

Huwebes, Agosto 15, 11:30 ng umaga hanggang 12:30 ng hapon

[RSVP link](#)

Workshop 4 (Harap-harapan sa Belltown)

Sabado, Agosto 17, 11:00 ng umaga hanggang 12:30 ng hapon.

[RSVP link](#)